



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ANG MAHDI (AS) AY DADATING NA MAY DALANG MGA TAKBIR

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhbirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

Ang kalaban ng lahat ng tayo hanggang sa huli ay ang Shaytan. Gumawa ng mga alagad ang Shaytan at kinakalaban nila ang Islam at tayong mga Muslim.

Ina-atake nila ang islam mula sa lahat ng parte dahil sa nandito na tayo ngayon sa mga Huling araw. Binabalewala nila ang ibang relihiyon at sa Islam na lang umaatake. Di dapat tayong mga Muslim mawalan ng Pag-asa sa Allah.

لَا تَقْنَطُوا مِنْ رَحْمَةِ اللَّهِ

“Laa taqnatu mir rahmatillah.” (Sura Zumar:53) “Wag mawalan ng pag-asa sa rahma ng Allah.” Tutulungan tayo ng Allah. Ang mga takot sa mga armas ng kalaban ay mababa ang Iman. Ang ating Iman ang pinakamalakas nating Armas. Ang paniniwala natin sa Allah. Kapag tayo ay naniniwala sa kaniya, walang makakatalo sa Islam. In Sha Allah mananalo ang Islam at magiging Muslim ang lahat sa pagdating ng Imam Mahdi alayhis salam.

May ilan sa ating mga kapatid ang di nainiwala sa Imam Mahdi alayhis salam. Ilan sa kanila ay mga Alim pa at nagsasabi na walang Imam Mahdi. Pero kayraming Hadith ang tumutukoy sa Imam Mahdi alayhis salam. Ang paniniwala sa kaniya ay parte ng Aqeeda ng Ahlus Sunnah Wal Jamaah. Ang mga di naniniwala sa kanya ay nasa labas ng Ahlus Sunnah wal Jama'ah.



Sohbats by
Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Walang makakatalo sa atin kapag malakas ang ating Iman sa Allah. Palakasin ang Iman. Ang mga silang nagpapanggap na Ulama ay sinisira lang ang Islam. Mag ingat tayo sa kanila dahil mapanganib sila.

Sa pagdating ng Imam Mahdi alayhis salam, siya ay magtatakbir at maririnig ng lahat. Walang makakapagpanggap na Imam Mahdi ngayon. Ang Imam Mahdi alayhis salam ay ang Leon ng Allah at sa kanyang pagdating, kanyang sasabihin “Ako’y andito!”

Sa oras na iyon magiging muslim ang buong Mundo. Sisirain ng Imam Mahdi alayhis salam ang lahat ng Kufr at magtatagumpay ang Islam In Sha Allah. Nawa’y pabilisin ng Allah ang pangyayaring iyon. Marami ng mga palatandaan ang nagsilabasan. In Sha Allah lalabas na siya. Malapit na siyang dumating

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
5 December 2016/5 Rabiul Awwal 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah